Tagalog

# Patakaran sa Pagpasok

Setyembre 2025

Minamahal na Magulang/Taga-pag-alaga,

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay naniniwala na ang pagpasok ay isa sa mga napakahalagang tagahula sa pang-akademikong pag-unlad at kung ang iyong anak ay pumapasok, handang mag-aral sa bawat araw ng pasok ay makikinababang sila, kanilang kamag-aral, at ang buong pamayanan ng paaralan. Tulungan kaming siguraduhin na ang iyong mag-aaral ay maganda ang pagpasok sa taon ng pasok na ito.

## ANG AMING PANGAKO SA INYO

Alam namin na may maraming ibat-ibang kadahilanan kung bakit ang mga mag-aaral ay lumiban mula sa paaralan, mula sa mga alalahanin sa kalusugan hanggang sa mga paghamon sa transportasyon. Maraming kawani sa aming mga gusali ang handang tumulong sa iyo kung ikaw at iyong mag-aaral ay nahaharap sa mga paghamon sa regular na pagpasok o sa tamang oras. Nangangako kami na susubaybayan ang pagpasok sa araw-araw, mapapansin kung ang iyong mag-aaral ay lumiban, makikipag-ugnayan sa iyo ng maunawaan kung bakit sila lumiban, at tumulong na kilalanin ang mga hadlang at ang makukuhang suporta para malagpasan ang mga paghamon na maaari mong harapin sa pagtulong sa iyong mag-aaral na pumasok sa paaralan alinman sa personal o pangmalayuan.

## ANO ANG KAILANGAN NAMIN SA INYO

Namimiss namin ang iyong mag-aaral kapag sila ay wala, at pinahahalagahan namin ang kanilang naiaambag sa paaralan. Nais namin kayong tulungan ng masiguro na ang iyong mag-aaral ay regular na pumapasok at maging matagumpay sa paaralan, maging sila ay nakatala alinman sa personal na pag-aaral o remote na pag-aaral. Kung ang iyong anak ay liliban, makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak ng mas maaga. Kung ang pagliban ay hindi nakaplano, makipag-ugnayan sa paaralan sa loob ng dalawang araw ng pasok sa pagbabalik ng iyong mag-aaral.

## ANO ANG MAGAGAWA MO PARA MAKATULONG

### Kung ang Iyong Anak ay Nakatala sa Personal na Pag-aaral

- Pumasok ang iyong anak maliban kung sila ay talagang may-sakit, katulad ng lagnat, pagsusuka, pagtatae, nakakahawang pantal, o anumang may kaugnayan sa COVID-19 na kundisyon sa kalusugan na tinutukoy sa WAC 392-401-020.
- Mag-iskedyul ng appointment at mag-ayos na paglalakbay sa mga oras na ang paaralan ay walang pasok.
- Sundan ang pagpasok (attendance) ng iyong anak. Ang pagliban sa paaralan, pinahintulutan o hindi, ay naglalagay sa iyong anak na mahuli.
- Magtakda ng regular na oras ng pagtulog at pang-umagang gawain. Siguraduhin na natapos ng iyong anak ang kanilang gawaing pambahay sa gabi bago pumasok.

Tagalog

## Kung ang Iyong Anak ay Nakatala para sa Remote na Pag-aaral

- Mag-login iyong anak sa kanilang nakatalagang synchronous na pagpupulong at mga klase at siguraduhin na ang iyong anak ay makakakuha ng mga nakaplanong asynchronous na gawain. Para sa karagdagang impormasyon sa pagpasok sa remote na pag-aaral, tingnan WAC 392-401-016.
- Abisuhan ang paaralan ng iyong anak kung ang iyong mag-aaral ay hindi sasali sa kanilang synchronous na pulong, o asynchronous na gawain sanhi ng karamdaman, tulad ng lagnat, pagsusuka, pagtatae, o anumang may kaugnayan sa COVID-19 na kundisyon sa kalusugan.
- Panatiliin ang komunikasyon sa pagitan ng paaralan ng iyong anak at guro kung ang karagdagang suporta ay kailangan o pag-usapan ang mga hadlang na humahadlang sa mag-aaral na sumali sa kanilang remote na mga pulong, klase, o gawain.
- Gumawa ng regular na palaging gawain sa remote na pag-aaral. Siguraduhin na natatapos ng iyong anak ang kanilang asynchronous na gawain sa gabi bago pumasok.

Maraming salamat at magkaroon ng magandang taon ng pasok!

Opisina ng Pagpasok ng Distrito ng SPS

Ang iyong lagda sa ibaba ay tumutukoy na nabasa mo (o binasa sa iyo ng iba) at naunawaan ang liham na ito. **Pagkatapos lagdaan, paki balik ang dokumentong ito sa opisina ng paaralan ng inyong anak.**

Lagda: ______________________________________________________ Petsa ________________________

Limbag na Pangalan: _________________________________________________________________________________

Pangalan ng Mag-aaral: _______________________________________________________________________________

ID ng Mag-aaral: ________________________________

Tandaan: Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa pagpasok ng iyong mag-aaral, makipag-ugnayan sa inyong paaralan.

*Ang mga bahagi ng liham na ito ay maiuugnay sa Mga Gawain sa Pagpasok (Attendance Works) (http://www.attendanceworks.org/).*

*Ang karagdagang impormasyon sa pagpasok, kabilang ang matatawagan sa Distrito, ay makikita sa www.seattleschools.org/attendance.*